

Mag-isip tayo muli

kung ano ba talagaang

multicultural ?



Sa kasalukuyan, paarang usong uso ang salitang "multicultural" sa planetang earth.

Ano ba iyan...?
Sige, pupunta ako para tignan.



Nilalaman

Ano ang multicultural?	2
Ang mga tampok at paraan ng paggamit ng brosyur na ito	3
Naganap ang discussion meeting	5
Sa gitna ng dalawang kultura	8
Introduction ng mga karakter	11
1. Recycle	
comics	12
“Problema ng basura” na pag-aaralan sa school	15
Kuwento tungkol sa Recycle	20
QUIZ	21
2. Sakuna at paghahanda para sa sakuna	
comics	22
“Sakuna at paghahanda para sa sakuna” na pag-aaralan sa school	26
Kuwento tungkol sa Sakuna at paghahanda para sa sakuna	31
3. Pagkain	
comics	33
“Pagkain” na pag-aaralan sa school	36
Kuwento Tungkol sa pagkain	38
Sagot	40
Reperensiya at URL	41

Ano ang multicultural?



Para sa paggawa ng aklat na ito, muli naming isinaalang-alang ang kung ano ang ibig sabihin ng “multicultural”. Ayon sa reperensya, ang “Multicultural ” ay nangangahulugang “ang mga tao ng iba’t ibang nasyonalidad at lahi ay namumuhay nang sama-sama bilang mga miyembro ng lokal na komunidad habang kinikilala ang pagkakaiba ng kultura ng isa’t isa at sinusubukang bumuo ng pantay na relasyon.” (Ministry of Internal Affairs and Communications: From the report of the study group on promotion of multicultural)

Kamakailan, madalas na ginagamit ang salitang “multiculatural”, ngunit kadalasan may kasabay na phrase tulad ng “para abutin ang multicultural society”, “upang magtaguyod ng multicultural society”, “upang bumuo ng multiculatural society” o “approach patungo sa multiculatural society”. Kaya iniisip natin na hindi pa naisakatuparan ang “multicultural” sa lipunang ng Hapon, ngunit pinahahalagahan nila ang “multicultural” at ang lipunan ng Hapon ay nasa proseso ng pagsisikap para sa pagsasakatuparan nito.

Sa maraming kaso, ang mga munisipyo ay tila nagpapatupad ng “multicultural” upang tumugon sa pagdami ng mga dayuhang residente. Para dito, isinasagawa nila ang pagse-set up ng website sa mga banyagang wika, pagbibigay ng local na impormasyon, pagtatatag ng sistema ng konsultasyon para sa mga banyaga, pagbibigay ng kaalaman tungkol sa pag-iwas ng sakna gamit ang manuwal ng banyagang wika at pagdaraos ng klase ng wikang Hapon at iba pa. Ang mga ito ay tungkol sa wika, language multilingualization at interpreting. Bilang isang inisyatiba ng “multicultural” para sa mga residenteng Hapones, nagdaraos ng events na lumahok kasama ng mga dayuhan at pagdaraos ng “Easy Japanese Courses” upang makipag-usap sa dayuhang residente gamit ang madaling Japanese. Kadalasan, ginagamit din ang salitang “multicultural” sa iba’t ibang leaflet, hindi po ba? Kaya naman, maiisip na ang pagdami ng mga dayuhan ay may malaking impluwensya sa pagsilang ng salitang “multicultural”. Ngunit, kami ay nag-aalinlangan na ang salitang “multicultural” ay ginagamit lamang para sa magkakasamang buhay ng mga Hapon at dayuhan. Dahil kung iisipin natin ang ating sarili bilang isang “miyembro ng lokal na komunidad”, dapat natin isaalang-alang hindi lamang ang mga pananaw ng mga Hapon at dayuhan, kundi pati na rin ang pagkakaiba ng edad bilang mga taong naninirahan sa parehong lugar. At bilang pananaw upang makita ang mga ito nang may layunin, lumilitaw ang isang “alien” sa aklat na ito.

Sa paggamit ng aklat na ito, isipin natin muli ang tungkol sa “multicultural”

Ang mga tampok at paraan ng paggamit ng brosyur na ito



01 Naganap ang discussion meeting


Iba't ibang opinyon ang lumabas mula sa mga taong may iba't ibang nasyonalidad, edad, at trabaho. Ano sa palagay mo pagkatapos basahin ito?



02 Sa gitna ng dalawang kultura

Si Marui Ai ay ipinanganak sa Brazil at lumaki sa Japan. Ito ay isang kuwento tungkol sa dalawang kultura na nakita niya.

Ano ang kahulugan ng “mga lahi…”?



03 Comics

Lumalabas ang iba't ibang karakter dito. Kung ikaw ay naninirahan sa *danchi* (Apartment complex) na ito, ano ang mararamdaman mo? Pakibasa na parang ikaw ay residente ng danchi.



04 Alien ! ?

Dumating ang isang alien upang mag-research ng “multicultural”. Ano ang nakikita niya sa ating kultura at buhay mula sa labas ng earth?



05 Pag-aaralan sa school

Sinusulat nito ang kasalukuyang itinuturo sa elementary school. Pareho ba ito ng mga natutunan mo sa school? Baka may sinasabi ito na hindi mo pinag-aralan sa school.



06 Mga kuwento • •

May higit pang impormasyon na nauugnay sa bawat topiko. At may quiz din! Ilang ang kaya mong sagutin?



Mga ideya sa paggamit ng brosyur na ito

- **Sa pakikipag-ugnayan:** Kung magsasama-sama kayo anumang ang edad o nasyonalidad, at basahin ninyo ang brosyur na ito nang sabay-sabay, tapos i-share ninyo ang sariling opinyon at magtanong tungkol sa kultura ng isa't isa, ito ay isang magandang pagkakataon upang makilala ang isa't isa. Umaasa kami na ang brosyur na ito ay magbibigay ng pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan ng mga residente sa inyong komunidad.
- **Sa school :** Kapag tinatalakay ang multicultural sa klase, mangyaring subukang isama ang brosyur na ito bilang isang teaching material. Mayroon din kaming booklet na may bahagi ng comics lamang para ipamahagi sa mga estudyante. Mula sa comics, malalaman nila ang iba't ibang pananaw dahil sa pagkakaiba ng kultura. At kapag magpokus sa sinasabi ng alien, malalaman din ang iba pang mga pananaw. Nakakatuwang isipin kung ano ang sasabihin ng mga alien.
- **Sa tahanan:** Basahin ang brosyur na ito kasama ng pamilya, at talakayin ang bawat topiko, at pag-usapan ang inyong kultura at pagkabata. Puwede mo rin tanungin ang inyong anak kung anong natutunan niya sa school. Sa loob ng pamilya, baka may mga bagong matuklasan sa pamamagitan ng pakikipag-usap tungkol sa kung ano ang alam mo at nararamdaman mo.

Naganap ang discussion meeting



Noon Hunyo 26, 2021, naganap ang discussion meeting sa online. Lumahok ang 11 na residente mula sa Brazilian, Pilipino, Vietnamese at Hapones. At lumahok din ang mga opisyal ng city na kadalasang nasasangkot sa international understanding activities sa administrasyon. Lumahok din ang mga estudyante ng Aichi university of education.

Ang layunin ng kaganapang ito ay upang maunawaan ang damdamin ng isa't isa bilang mga miyembro na naninirahan nang sama-sama sa lokal na komunidad, at magbigay ng pagkakataon na pag-isipan ang tungkol sa pag-kompromiso o pag-adjust na kinakailangan para sa isa't isa mula sa iba't ibang posisyon.

Una sa lahat, hiniling namin sa mga dayuhang residente na sabihin kung ano ang ikinagulat nila sa pamumuhay sa Japan. At hiniling din sa mga Hapones kung ano ang ikinagulat nila nang magpunta sila sa ibang bansa, nag-discussion kami habang iniisip ang two-way na pananaw ng mga dayuhan at Hapones.

Una, pinag-usapan nila kung paano nalilito sa pagkakaiba-iba ng mga patakaran at sinabi ng mga dayuhan ang magagandang punto sa Japan. Pero habang nagpapatuloy sila ng pag-uusap, ang ilang sa mga opinion ay nagbigay ng pagkakataon upang isalang-alang muli kung paano tinatanggap ng Hapones ang mga dayuhang residente.

Ipinapakita nito ang ilang bahagi ng discussion meeting.

Ang Japan ba may magandang asal?



Ang mga Hapones ay pumila nang maayos kapag nakasakay sila sa tren. Ang mga aalis ay unang bumaba, pagkatapos ay sumakay ang pasahero. Iba ang mga dayuhan. Parang ang gulo kasi may pumapasok at lumalabas din.

Nang sumakay ako sa tren sa Brazil, ang mga Brazilian ay naghintay sa labas hanggang sa bumaba kami, pero nang bumalik ako sa Japan at sumakay sa tren, nakita kong parami nang parami ang mga taong pumasok bago kami bumaba, kaya nagulat ako sa mga Hapones, at naradama ko na "Ano? Ganito pala ang Japan?"



Parang iniisip ng mga dayuhan na ang Japan ay bansang may magandang asal at ang mga Hapones ay taong may magandang asal. Ngunit hindi masasabing masama ang ugali ng tao kapag sumasakay ng tren sa ibang bansa. Kahit na iniisip ng mga Hapones na ang Japan ay isang bansang may magagandang asal, ngunit nagulat sila nang makita ang mga Hapones na hindi.

Pareho ang problema natin



Mahirap ipasok ang aking anak sa nursery school. Nag-apply ako ng maraming beses at tinanggihan. Ang hirap talaga.

Ang Japan ay lubos na hinihikayat na manganak dahil may problema na tumatandang lipunan, kaya kapag tayo ay nabuntis at nanganak nakakakuha ng subsidy. Pero medyo mahirap na wala ang nursery school pagkatapos ipanganak.



Ang mga dayuhan at Hapones ay sumasang-ayon sa mga pahayag na tumpak na nagtuturo ng mga problema sa lipunang Japan. Sabi ng ilang na depende sa bansa kahit sinuman makapag-apply ng nursery kahit nagtrabaho man ang mga magulang o hindi man, at kayang ipapasok ang bata ayon sa pagkasunod-sunod. Para sa mga nagtatrabaho sa Japan- hindi laman ang mga dayuhan kundi ang mga Hapones din, talagang malaking problema ang hindi kayang ipasok ang kanilang anak sa nursery school.

Malubhang problema sa kontrata ng apartment



Ang pinakamalaking problema sa amin ang pag-upa ng bahay. Gaano man kalaki ang pera ko, kailangan ko ang Japanese guarantor, magandang trabaho at magandang kumpanya, kaya mahirap gumawa ng kontrata. Iyon ang pinakamahirap sa mga dayuhang sa Japan.

Hindi kami pinagkakatiwalaan para umupa sa bahay. Mahirap ito kung walang Japanese na asawang lalaki. Kaya wala kaming choice na pumasok lang sa domitoryo ng kumpanya. Kahit na gusto kong manirahan mag-isa sa Japan, Hindi ako makakapag-upa ng apartment ng mag-isa.



Depende sa mga apartment na may mga ipinagbabawal ang mga dayuhang at may ilang apartment na tumitira lamang ang mga dayuhan. Sa ilang pagkakataon, maaari itong human rights issue, may nagsasabi na hindi pinagkakatiwalaan dahil sila ay mga dayuhan. Sa lipnang Hapones, kinakailangang pag-isipan kung paano bumuo ng relasyon na may tiwala na lumalampas sa mga hadlang sa pagitan ng mga Hapones at dayuhan.

Pagkatapos ng discussion meeting

Sa pagtatapos ng meeting, isang Hapones ang nagsabi nito.

Madalas akong nakikipag-ugnayan sa mga taong gusto ang Japan, narinig ko lang tungkol sa mabuting bagay sa Japan at kumpara sa kanilang sariling bansa, ang tanging magandang bagay sa Japan ay sinasabi nila, “Ito ang kamangha-manghang sa Japan, diba?”. Ang sarap pakinggan kung ano ang problema nila sa pamumuhay.



Nararamdaman namin na siguro kapag naiisip ng mga Hapones ang multicultural, iniisip nila ang mga dayuhan na gusto ang Japan at nagsisikap na unawain ang lipunang Hapon at nagsisikap na ma-adjust sa atin.

Ngunit, sa katunayan maraming dayuhan ay nalilito pa sa lipunang hapon. Kaya hindi laman basta umaasa tayo na tanggapin nila ang istilo ng Japan, kundi kailangan natin makinig sa mga problema at tanong ng mga dayuhan at maging malapit sa isa't isa di po ba?

Ito ay naging makabuluhang meeting dahil nalaman namin na napakahalaga ang proseso ng pagtingin, pag-unawa, pagtanggap, pagbabahagi ng mga taong at pagpapalitan ng mga opinion sa mga pagkakaiba at pagkakatulad ng iba't ibang posisyon sa komunidad upang maabot kami sa multicultural.

Sa gitna ng dalawang kultura



Marui Ai

Noon 2 anyos pa ako, lumipat ang aking pamilya sa Brazil. Ang lugar na tinirahan namin ay maraming mga imigrante ng taga-Germany at halos walang Nikkei (mga taong may dugo ng Hapones). Kaya naman, tinawag kami ng “Japonesa (Haponesa)” dahil sa hitsura namin. Sa Brazil, ang “Ai” ay isang interjection at sinasabi ito nila kapag masakit sila. Kaya madalas akong buruin sa pagsasabing “Ai, Ai (aray, aray)”. Pero masayang masaya ako dahil ang isang Braziliang babae nagsabi sa akin na “ang ganda ng pangalan mo, kasi ang “Ai” ay nangangahulugang “love” sa Japanese di ba?”. Totoo, ang kanji ng aking pangalan ay hindi ginagamit ang “Ai (愛/love)” kundi ginagamit ang ibang “Ai(合/unity)”, pero hindi ko iyon sinabi sa kaniya. Basta masaya lang ako na komendahan niya ang pangalan ko. Ang aking pangalan na “Ai(合/unity)” ay ibinigay ng aking lola na may hiling na “sana magkasundo ako sa dalawang kapatid na kuya at ate”. Karagdagan pa, sa Japan may iba pang mga kanji na “Ai” tulad ng “藍/dark blue” “相/each other, face to face” “哀/sorrow,compassion”. Magkaiba ang kahulugan ng bawat kanji at ang imaheng ipinarating sa iba kaya napakaganda ng wikang Japanese.

Pagkatapos ng pag-aaral sa university sa Brazil, nag-aral ako sa Japan sa loob ng isang taon. Pagkatapos noon, nag-trabaho ako sa Brazil at nagkaroon ng pagkakataon na magtrabaho sa Japan. Tapos nag-asawa at nanganak ako ng dalawang anak. Ngayon mas matagal na ako sa Japan kaysa sa 20 years na tumira ako doon sa Brazil. Ako ay isang anak na babae sa aking pamilya sa Brazil, pagdating ko sa Japan, naging isang asawang babae at ina sa aking pamilya sa Japan. Ang aking mga magulang at kapatid ay kasinhalaga sa akin ng aking pamilya sa Japan.

Mayroong impresyon na pinahahalagahan ng Japan ang “harmony”. Hindi tulad ng Japan, individualist daw ang Brazil. Pero sa katunayan, ang mga ugnayan ng pamilya ay napakahalaga para sa mga Brazilian, marami sa kanila hindi nag-o-overtime at pinahahalagahan nila ang oras na makasama sa pamilya. Sa pasko at sa mga Sunday, maraming Brazilian ay gumugol ng oras kasama ang buong pamilya (lolo, lola, kapatid at kanilang mga pamilya). Ang maraming Hapones, lalo na mga lalaki ay nagbibigay ng prayoridad sa trabaho kahit gusto nilang makasama sa pamilya. Kahit kaunti lang ang oras na ginugol nila para sa pamilya, hindi ibig nitong sabihin na hindi nila minamahal ang kanilang pamilya. Halimbawa, marami sa kanila ay umuwi sa kanilang probinsya sa new year holidays upang magkita sa pamilya kahit nahihirapan sila sa trapiko, hindi ba? Ang gusto kong sabihin ay pareho ang kahalagahan ng pamilya sa Brazil at Japan, ngunit iba ang paraan ng pagpapahayag ng pagmamahal. Ang mga Brazilian ay mainit na nagpapakita ng kanilang “pagmamahal sa pamilya” pati na rin ang mga magkasintahan. Sa tingin ko ay ang marami pa rin mga Hapones ang nahihiya at hindi gaanong nagsasalita tungkol sa pagmamahal.

Tumatagal ako ng 33 oras upang pumunta sa Brazil at makita ko lang ang mukha ng aking

mga magulang ay gumaan na ang pakiramdam ko. Pero habang nasa Brazil ako, natakot sa traffic manners nila, at paglabas ko nag-aalala ako ng maruruming kalsada at ng hindi masyadong masipag ang mga taong nagtatrabaho doon. Nang lumipas ng ilang araw, namiss ko na ang kumbiniente at malinis na Japan. Ang maraming tao na umalis ng sariling bansa at namumuhay sa ibang bansa ay nasasanay na sa kultura at kaugalian kung saan tumitira sila. Matagal na rin akong nanirahan sa Japan, unti-unting nalalayo sa kultura at kaugalian ng Brazil. Halimbawa, sa Brazil habang nag-uusap yumuyuko ako at kapag pumapasok sa bahay naghuhubad ng sapatos.

Habang namumuhay ako sa Brazil at sa Japan, maingat ako sa mga salitang ginagamit ko at sa mga salitang ginagamit ng iba. Napansin kong nandoon ang bawat kultura. Kaya napansin ko na rin na dapat kong pahahalagahan ang mga ibang wika gaya ng pagpapahalaga ko sa sariling wika.

Nais kong pahalagahan ng mga tulad ko na umalis sa sariling bayan upang manirahan sa Japan ang kultura ng kanilang bayan. Siyempre, mahalaga din ang pag-aaral ng wikang Japanese, at pakikihalubilo sa mga Hapones para mas matuto ng kanilang wika. Pero umaasa ako na ang mga Brazilian na nagpapalaki ng mga bata sa Japan ay hindi titigil sa pakikipag-usap sa kanilang mga anak sa Portuguese. Ang pagtuturo ng wika ng magulang ay napakahalaga dahil ito ay hindi lamang sa wika kundi humahantong sa kultura, paraan ng pag-iisip at pagkilos, at higit sa lahat maging paraan ito ng pagpapahayag ng sariling damdamin sa wika ng magulang. Sa Portuguese, may salita na “sariling wika/mother tongue (língua materna)” at “heritage language (língua de herança)”. Gusto ko silang magpanatili ng wika ng magulang bilang heritage language.

Para sa mga Hapones, kapag malaman nila ang kultura ng mga dayuhang residente at mapansin nila na may iba’t ibang wika at kultura sa buong mundo at sa loob ng Japan, ito ay magiging mabuting pagkakataon na isaalang-alang muli ang wika at kultura ng Japan. Sa pamamagitan ng karanasan na ito, ang mga bata ay mapalawak ng kanilang pananaw at mapalalim ng pag-unawa sa mga ibang kultura, at ito ay magiging pamana (herança) para sa mga bata na magtagumpay sa multicultural na lipunan sa hinaharap.

Ang maraming “Nikkei” ay tinatawag na “Hapones” sa Brazil, at tinatawag na “Brazilian” sa Japan. Mula sa aking karanasan na namuhay at nakaalam sa bagong kultura, naunawaan kong napakahalaga ang pagtingin sa isa’t isa bilang tao, kapuwang Hapones at dayuhan. Hindi madali ang buhay sa gitna ng dalawang kultura, pero gusto kong patuloy na pahalagahan ang dalawa-kultura ng Brazil at ng Japan. At sanay tatanggapin din ito ng mga Brazilian at Hapones.

1

Recycle

2

Sakuna at paghahanda
para sa sakuna

3

Pagkain



Introduction ng mga karakter



Brazilian mama at anak,
dumating dito 5 taon na nakalipas

Si Monica

Optimistiko,
masayahin
mahina sa pagtupad
ng detalyadong rules
32 taong gulang



Si Maria


Grade 5 sa elementarya
Sensitibo siya at
napapansin niya
ang pagtatangi sa mga
dayuhan



Pilipinong mama at anak na nakatira sa Japan
sa loob ng 15 na taon


Si Mary

Siya ay seryoso
at may respeto sa
kaugalian at
kultura ng Hapon,
33 taong gulang



Si John

Ipinanganak siya
sa Japan
Grade4 sa elementarya
Masayahin at
mahilig kumain



Alien X


Siya ay mysterious alien
Nandito siya upang
obserbahan ang paggawa at
pag-iisip ng mga tao
sa planetang earth



Vietnamese na papa at anak na dumating
dito noong nakaraang taon

Si Anne

May karunungan siya
Pero lagi nag-aalala
Magalang,
34 taong gulang



Si Nam

Grade4 sa
elementarya
Curiosity
at mahilig siyang
magbiro



Si Yukiko

Dahil sa trabaho
maraming beses
lumipat ng bahay
Palakaibigan,
31 taong gulang







Si Natsumi

Grade5 sa
elementarya
Siya ay
humahanap
ng hustisya
at isang honor
student



Tomoo (nickname/ Tomo-san)

65 taong gulang, nakatira kasama ang
asawa at aso
Interesado sa multicultural
Palakaibigan siya sa lahat,
kaya ang mga dayuhan ay umaasa
sa kaniya
Matulungin siya sa iba at nakikilahok
sa mga event ng komunidad



Si Natsumi din nag-aral ng recycle, kaya kinukolekta niya ang takip ng mga PET bottle.

Ang mga takip ng PET bottle ay recycled plastic resources!

※Ang isang bahagi ng mga kita mula sa proseso ng pag-recycle ay gagamitin para sa donasyon upang bumili ng mga bakuna sa buong mundo.

Ang mga lata ng aluminyo ay muling nire-recycle sa mga lata ng aluminyo!

※Ibenta ito sa isang recycling company at gamitin ang pera upang makabii ng mga kailangan sa school.

Pero kakaiba naman~. Bakit kaya sinasabi nilang "mag-recycle tayo"? Kasi kapag nasira ang isang elektronikong produkto, bibili sila ng bago sa lalong madaling panahon.

Ay?

Gusto ko sanang humingi ng repair kasi nasira ang rice cooker ko, pero nagulat ako kasi mahal talaga ang pag-repair! Sabi nila na kailangan daw magbayad para lamang magbigay ng estimate. At sa huli, inirekomenda nila na bumili ng bago!

Sa aking bansa, napakamahal ang mga electric appliances. Lahat ay nag-aayos at ginagamit ito, kaya maraming mga repair shop. Pero hindi ko nakikita sa Japan.

Repair

Oo nga pala. Pagkatapos gamitin ito sa ilang taon, at lumipas na ang panahon ng warranty, titingnan ko ang disenyo at function at bibili ng bago kung mas maganda ito. Mahina ako sa mga salitang "Energy saving!"

Kasi minsan may service na kung bibili ka ng bago, kukunin nila ang luma.

Noon nakaraan, sa Japan nag-repair din kami para gamitin muli.

Nangdito po pala si Tomo-san!

Sa Japan, kung lumampas na ang panahon ng warranty, talagang magastos ang pag-aayos. Kaya sinasabi nila na "mas mabuti ang bumili ng bago kaysa sa pag-aayos". Siguro magagamit pa iyon kung makapag-repair.

Siya nga pala, mga malinis na sasakyan lang ang tumatakbo sa Japan, diba? Sa aking bansa, ang mga kotse, tulad ng elektrikong products ay napakamahal at kadalasan ay hindi makakabili kahit used car. Inaayos ang mga bagay na binibili namin nang maraming beses, at maingat na ginagamit ito sa mahabang panahon.



Totoo iyon.



Napakahalaga na ayusin ito ng maraming beses at gamitin ito sa mahabang panahon! Dapat natin matularan ang paraan ng bansa nina Monica at Mary!

Oo nga.

Oo!




Masaya ako!
w a r m y ...




Nakita ko ang balita na ang mga malaking electrical appliances gaya ng refrigerator ay iligal na itinatapon.

Sa kabundukan sa OCity...




Bad naman!



Kung iayos ang mga elektrikong produkt nang paulit-ulit, mababawasan ang basura.

Sige, tulad ng bansa ni Maria, mag-repair din tayo kapag nasira na ang gamit natin!

Diba, mama!





Oo nga ano!

Parang maraming "bagay" kinakailangan ng mga taga-lupa upang mamuhay sila dito.

At ang mga iyon hindi magagamit nang permanente.

At mukhang nahihirapan sila sa mga "bagay" na hindi na magagamit.



“Problema ng basura” na pag-aaralan sa school



- Mula sa paghihiwalay ng basura hanggang sa lugar ng kolektahin ng basura
- Pinuntahan ng basura
- Recycle ng basura
- Problema ng basura at gawain na kaya natin



Mula sa paghihiwalay ng basura hanggang sa lugar ng kolektahan ng basura

Sa school ng Japan, una aakayin ang attention ng mga bata kung paano pinaghihiwalay ang mga basura sa bahay at ang dami ng pinaghihiwalay na basura ay naiiba depende sa uri. Tapos matutunan nila na ang bawat basura ay kolektahin depende sa uri at ang paraan ng pagtatapon ng bawat basura ay iba.



Sa assignment ng school, nag-research ako kung anong uri ng basura ay mas marami sa bahay. Natutunan ko ang plastic tray na nakalagay pagkain at ang PET bottle ay mas marami. Gayundin ang sinabi ng kaklase ko.



Inihahanda ko ang ibang trash can para sa mga plastic tray at PET bottle, pero mabilis itong mapupuno.

Oo nga pareho sa amin. Mabilis mapupuno ang mga PET bottle.



Noon bata pa ako wala talaga ang PET bottle, at hindi ako bumili ng tsaa o tubig. Gumawa kami ng barley tea sa bahay at uminom nito, ginagawa ko pa rin iyon.



Hindi ako mahilig ng tsa, pero mahilig si Maria. Kaya gumagawa ako ng tsa hindi na bumibili nito ngayon.



Sa lunsod na nakatira ako sa Vietnam, bumili kami ng tubig dahil hindi makainom ng tubig mula sa gripo. Nag-order kami ng parang malaking PET bottle sa bahay. Narinig kong may parehong service sa Japan, pero bakit sila bumibili ng tubig kahit makainom sila ng tubig mula sa gripo ng Japan?

Sa aming pamilya, nang gumawa kami ng tsa at huminto sa pagbili ng tsa ng PET bottle, nabawasan ang basura ng PET bottle at nakatipid ng pera. Nagbigay ako ng isang presentasyon tungkol dito sa school.



Hmm... Pinag-aaralan ba nila ito sa school? Parang mas iniisip ng mga bata ang problema sa basura kaysa sa mga adult.



Pinuntahan ng basura

Matutuhan nila ang paraan ng pagtatapon ay nag-iiba depende sa uri ng basura na pinaghiwalay sa lugar ng pangongolekta ng basura. Maaari din silang bumisita sa isang planta ng paglilinis at alamin ang tungkol sa aktuwak na proseso ng pagtatapon. Matutuhan nila kung paano muling gamitin ang init na nabuo sa proseso ng pagsusunog ng basura at katalinuhan kung sa anong paraan itinatapon ang abo pagkatapos ng masunog.



Noon nakaraan, sumali kami ng anak sa “Parent-Child garbage class” sa clean center. Ang “masusunog na basura” na hindi maaaring i-recycle ay dinadala ng paglilinis sa trak sa isang plant at sinusunog ito doon. Pero ang init na nabuo kapag nasusunog ng basura ay epektibong ginagamit daw!

Sa pampublikong swimming pool na gumagamit ng init ng pagkasunog, nag-wawalking ako sa ilalim ng tubig dalawang beses sa isang linggo kahit sa winter.





Nalaman ko sa school na ang abo mula sa nasusunog na basura ay maaaring gamitin para sa materyal ng konkreto o ibaon sa landfill.

Sa aking bansa, halos hindi pa nare-recycle ang basura. Kaya napupuno ang landfill at kung minsan naiwan ang mga basura sa mga bakanteng lugar. Maraming mapanganib na basura at problema ang mabaho.



Recycle ng basura

Alamin ang mga basura tulad ng PET bottles ay ma-rerecycle sa iba't ibang bagay, at hahantong ito sa pagbabawas ng basura.



Alam ko iyon!!!



Hindi ba iyon gawa sa cotton?

Sa isip mo, ano ang gawa nito? (👕)



Huwag mo sabihin iyon.



Gawa sa PET bottle ito!



Ano daw, gawa sa PET bottle????!!!
Kayang gagawin ba ang damit mula sa PET bottle?!



Oo, nagulat din ako noon sinabi ito ng anak ko. Hindi lang kaming mga dayuhan, kundi pati rin mga Hapones ay hindi alam ang tungkol dito.



Kasi noon bata pa ako hindi gaanong paksa ang pag-recycle. Pero nang malaman ko ang mga bagay na maaaring i-recycle sa ganitong paraan mula sa pinag-aralan ng anak sa school, hindi ganoon kahirap ang paghihiwalay ng mga basura. Kaunti lang...

Problema ng basura at gawain na kaya natin

Malalaman nila kung paano nagbago ang pagtatapon ng basura sa paglipas ng panahon, at kung ano ang kasalukuyan problema. Malalaman mo rin kung paano sinisikap ng mga tahanan, school, tindahan at komunidad para harapin ang problemang ito. At isipin kung ano ang magagawa ng bawat individual upang mabawasan ang basura.

Kung gusto mong itapon ang sirang TV, kailangan daw magbayad ng 3000yen!



Oo ngayon, magagastos ang pagtatapon ng mga TV at refrigerator.

Noon panahon, puwede mo itong itapon bilang normal na basura. Noon bata pa ako, nagsunog kami ng mga masusunog na basura sa bahay.



Bawal na po iyon ngayon.

May mga taong nagtatapon ng malaking basura sa kabundukan ng walang pahintulot at nagiging problema!!



May mga taong iligal na nagtatapon nito dahil kailangan nila ng pera para itapon ito sa kanilang sarili. Maging ganitong problema ang paghihiwalay ng mga basura.

Siguro hindi tanggapin ng aking mga kababayan ang ideya ng pagbabayad upan itapon ang basura.



Kung lahat ay nagtatapon ng maraming basura at hindi ito maitatapon, ang ating lunsod ay puno ng basura.



Kaya naman, kailangan tayo makipag korporasyon. Halimbawa, daluhin natin ang plastic tray sa koleksyon box ng supermarket at gamitin ang eco bag.



Sa aming school, imbes na itapon ang mga nalaglag na dahon kundi gumagawa kami ng compost at nagtatanim ng mga bulaklak.

Sa aming danchi, nangongolekta ng mga scrap.



Sa school, nagbigay ako ng isang presentasyon kung ano ang puwede kong gawin upang mabawasan ang basura.



Oh oo, nagbigay din ako ng isang presentasyon na gagamitin ko ang likod ng printed paper kapag nagpapraktis ng pagsulat ng Kanji, at daluhin ang likod ng printed paper na nagamit ko sa araw ng pagkolekta ng used paper.

Ang sabi ko gagamit ako ng pen na mapalit ng ink refill.



Bumili din ako ng refillable detergent o shampoo. Dapat din magsikap ang mga adult kasi ang mga bata ay napakaraming iniisip.

Sisikapin kong gamitin ang TV at appliances sa loob ng ilang dekada eh. Iwas ako sa pagbili ng bagong produkto.



Kuwento tungkol sa Recycle



Ano ang gagawin ninyo kapag nasira ang koryenteng kagamitan? Maaari itong ipaayos nang libre sa panahon ng warranty. Ngunit kung natapos ang panahon ng warranty, maaari itong magastos ng maraming pera upang mag-repair. Ang picture sa ibaba ay tindahan na makapag-repair ng iba't ibang koryenteng kagamitan sa Brazil(kaliwa) at sa Vietnam(kanan). Marami daw ang ganitong mga tindahan sa Brazil at sa Vietnam. Mahal talaga ang mga koryenteng appliance, kaya maraming tao ang gumagamit ng mga tindahan ito kapag nasira. Kung maraming tao ang gagamit ng mga ganitong tindahan, hahantong ito sa pagbabawas ng basura.



Tindahan ng pag-repair
ng mga koryenteng appliance sa Brazil



Tindahan ng pag-repair
ng mga koryenteng appliance sa Vietnam






QUIZ

Ito ay isang picture sa Brazil. Nasa tabi ng daan ay may isang basket. Ano ba ito?



[Ang sagot ay
pahina 40]





Kung ganoon, bakit po sila nagsasanay ng tumakas?

Hindi ko naintindihan.

Para huwag sila mag-panic kung sakaling magkaroon ng sunog o lindol.

Kamakailan, mayroon din daw evacuation drill kapag may sumulpot ng "Fushinsya".

"Fushinsya!?"

Ano po iyon?

Ang "Fushinsya" ay ibig sabihin na isang kahina-hinala at mapanganib na tao.

Ilang taon na ang nakalipas, may isang insidente na kung saan ang isang "Fushinsya" na may kutsilyo ay pumasok sa school na walang pahintulot. Nagsimula na rin ang mga evacuation drill para sa "Fushinsya (suspicious person)".

Hindi ba ligtas ang Japan!?

Naku, hindi naman masyado. Pero bihira ang ganiyan insidente...

Nakaka takot

Sa mga urban na lugar sa Brazil ay may mga guardman na nakatayo sa mga school gate sa elementary para pigilan ang pagpasok ng fushinsya.

Napakaganda iyon!!

Ako din nag-alala sa aking apo na pumapasok sa nusery school. Pero narinig kong mas istrikto na ngayon ang pag-check ng pagpasok at paglabas. At may mga pagpapabuti tulad ng pag-install ng mga security camera.

Lolo

Security camera

Ding dong

Lock

Noon bata pa ako hinatid ako ng papa o mama sa school. Dahil may mga lugar na hindi puwedeng maglakad ng mag-isa ang mga bata.

Hinatid ako ng papa ko sa school sakay ng motorsiklo.

Sinasaktan ng taga-lupa ang mga taga-lupa?

Bukod dito, ang mga lindol ay maaring mangyari anumang oras, kahit saan.

**Lindol!!
Nakakatakot iyon!!**

Sa unang pagkakataon na makaranas ako ng lindol, biglang yumanig ang bahay namin at natagalan akong nalaman na lindol pala ito.

Eh! Ano ito?!

Natakot ako at nag-dasal sa Diyos hanggang huminto ang pagyanig!

Mula noon panahon, may maraming lindol sa Japan. Sa nakalipas na 30 taong ito, nangyari ang mahigit dalawang malaking lindol.

1995's Great Hanshin-Awaji earthquake.

2011's Great East Japan Earthquake.

Nakita ko ang balitang iyon sa Vietnam. Natatakot ako at nag-aalala.

Baka maaaring mangyayari ulit ang malaking lindol. Hindi ka ba nag-aalala?

Lahat ay namumuhay ng normal sa Japan. Kaya namumuhay din kami ng normal. Tapos, narinig ko na ang mga bahay ng Hapon ay matibay laban sa lindol.

Hindi matibay ang lahat.

Talaga po?

Gayunpaman, umuunlad ang mga hakban ng gobeyrno. Dumami na ang mga gusaling matibay laban sa lindol, tulad ng pagsasagawa ng reinforcement work matapos imbestigahan kung kaya ba nito ang pagyanig ng lindol.

Ganoon ba~

Lindol...

Ang mga Hapon ay hindi masyadong ingay kapag may lindol. Bakit po?

Pumunta sa trabaho gaya ng normal sa next day

Umaandar din ang tren

Hindi natatakot ng matagal.

Kasi madalas na nangyayari ang maliit na lindol. Siguro ang isa sa mga dahilan ay ang evacuation drill sa mga nursery at school.

Nagsasanay sila na "kung may lindol, magtago sa ilalim ng mesa, at kapag huminto ang pagyanig, lumabas".

Ah! "okashimo"

Si Nam at ang mga bata ay nagsasanay kung ano ang gagawin kapag may lindol sa school.

Pero, hindi ako nakapagpraktis ng kahit ano. Ok lang po ba ako?

Ang mga munisipyo ay mayroon din ng mga evacuation drill para sa pangkalahatang publiko. Kapag nakita ko ang plano, sasabihin ko sa iyo, at puwede ninyong subukan iyon.

Maraming salamat po!

Ang Earth ay mukhang masyadong mapanganib para sa mga taga-lupa. Gayunpaman, mabubuhay lang sila sa Earth, kaya pala kailangan nila ang mga katalinuhan.

“Sakuna at paghahanda para sa sakuna” na pag-aaralan sa school



- Protektahan ang kaligtasan ng komunidad.
- Protektahan ang mga tao mula sa mga likas na sakuna.
- Mga likas na sakuna at likas na kondisyon ng lupain.



Protektahan ang kaligtasan ng komunidad.

Sa mga school sa Japan ay natututo ang mag bata ng tumawag ng “119” kapag may nakita ang sunog at “110” kapag may nakita ang insidente o aksidente.

Matutuhan nila na mayroong ang isang sistema para sa iba't ibang organisasyon na nagtutulungan upang tumugon sa mga emergency, mabilis na mapatay ang sunog at mailigtas ang mga tao nang mabilis at ligtas. At isipin nila na kung paano mo dapat kumilos ang inyong sarili sa isang emergency, kung ano ang dapat pag-ingatan upang maiwasan ang sunog, at kung ano ang dapat gawin upang maiwasang masangkot sa isang insidente o aksidente.

Ang number na tatawagan ko kapag may sunog o insidente ay iba sa aking bansa. Mas alam ng mga bata ang tamang number.



Akala ko na sa alinmang bansa, nag-dial ang polis sa 110 at ang ambulansya at bumbero ay nag-dial ng 119.

Ang number “110” ay tinatawag na “Hyakuto-ban”. Hindi pala “Hyakuju-ban”.





Kapag pumunta tayo sa bansa ni Nam, mas mabuting tingnan ang number ng pulis at number ng ambulansya ng bansang iyon.



Noong bata pa ako, nagpaningas ako ng apoy sa hardin, nagsunog ng kahoy para maligo, at naninigarilyo ang mga matatanda sa iba't ibang lugar, mas malapit ang apoy kaysa ngayon. Ang pagsunog ng kahoy na panggatong para sa paliguan ay isang trabaho ng mga bata.

Responsibilidad kong maglagay ng mainit na tubig sa paliguan. Pindutin lang ang isang buton.



Hindi ba delikado para sa mga bata na gumamit ng apoy!?

Dumadami ang mga tahanan na all electric house, at siguro, ang ilang mga bata ay hindi pa nakakakita ng apoy mula nang isinilang... Ang mga matatanda ay kailangang maayos na magpaliwanag sa mga bata na hindi alam ang init at takot sa apoy.



Sa social class, naisip ko kung ano ang dapat kong gawin para maiwasan ang sunog. At nag-research din kami ng mga madilim at mapanganib na lugar at mga lugar na kung saan posibleng mangyari ang mga aksidente sa trapiko.

Maaasahan iyon. Sa school ay natututo na hindi lamang tungkol sa kung ano ang dapat gawin kapag may sunog o aksidente, kundi pati na rin kung paano ito maiiwasan.



Protektahan ang mga tao mula sa mga likas na sakuna.

Kabilang sa mga likas na sakuna ang “mga lindol,” “bagyo at baha,” at “mga sakuna ng bulkan”. Una, malalaman mo ang tungkol sa local na mga likas na sakuna na nangyari sa nakaraan. At, pag-aaralan mo kung anong uri ng disaster response ang ginagawa sa buong lugar na ating komunidad.

Isinasagawa ang mga evacuation drill sa elementarya at junior high school bilang tugon sa mga likas na sakuna na nangyari sa lugar na noon nakaraan.

Minsan naririnig at nakikita ko ang mga salitang “chiiki” at “hinan-kunren”. Pinag-aaralan pala ito sa elementarya. Anong ibig sabihin nito?



Nanay, hindi ka ba nagsagawa ng evacuation drill? Nag-aalala ako sa iyo.

Ano ang ibig sabihin ng “chiiki”? Mahirap ito ipaliwanag...



Ang “chiiki” na ginagamit para sa mga evacuation drill at disaster prevention drill ay tungkol sa lugar ng bawat elementarya, sa kapitbahayan o sa hanay na kung saan maaari kang maglakad. Sa Japan, kapag iniisip ang tungkol sa mga sakuna at pag-iwas sa sakuna, madalas naming ginagawa ito ng “chiiki” sa kabuuan, kung saan ang mga tao sa malapit ay maaaring makipagtulungan sa isa't isa.

Sa tingin ko, ito ay mga hanay na kung saan ako makapagbisikleta.



Ang mga evacuation drill ay mga pagsasanay upang mabilis na paglipat sa isang ligtas na lugar kung sakaling magkaroon ng sakuna, at maraming beses na akong sinanay sa mga nursery school, elementarya, at junior high school. Parang natural na natuto ako.

Isa sa mga homework ko sa school ay ang magpasya kung saan lilikas kasama ng aking pamilya kung sakaling magkaroon ng lindol, at pag-usapan kung ano ang maaaring gawin sa bahay para sa lindol. Pero nahirapan akong ipaliwanag ito sa papa at mama ko.



Hindi rin alam ng tatay ko tungkol sa lindol kaya takot na takot siya nang sabihin ko sa kaniya tungkol dito at bumili siya muna ng helmet para sa buong pamilya.

Ganoon ba? Ang mga Hapon ay nagsasanay mula pagkabata, ngunit ang mga dayuhan tulad ng ama ni Nam ay walang alam tungkol sa mga evacuation drill. Sige, iimbitahan ko sila sa lokal na kaganapan sa pag-iwas sa kalamidad.



Sa panahon ngayon, awtomatikong natatanggap ang impormasyon ng kalamidad mula sa mga smartphone pati na rin sa TV at radyo.



Kapag umuulan nang malakas, maaaring marinig ang alertong tunog ng smartphone, kahit napapansin ng mga kapitbahay ang alert, normal pa rin ang kanilang pamumuhay. Kaya hindi ko alam kung kailan ako tatakas.

Una sa lahat, kailangan mong tandaan ang pangalan ng inyong lugar. Kung mayroong “evacuation order” sa lugar, tumakas sa evacuation site. Kapag nasa bahay ka, kailangang magdesisyon at lumikas ang iyong mga magulang. Kaya kung hindi mo alam, magtanong ka sa akin o sa iyong mga kapitbahay.



Mga likas na sakuna at likas na kondisyon ng lupain

Malalaman ng mga estudyante na ang mga likas na sakuna ay nangyayari kaugnay ng mga likas na kondisyon ng lupain.

At alamin ang tungkol sa topograpiya ng Japan, at alamin ang tungkol sa katalinuhan ng mga tao sa pamumuhay at paghahanda para sa mga sakuna ayon sa bawat topograpiya, tulad ng malapit sa mga bulkan at ilog.

Ang aking imahе sa Okinawa ay mainit, at ang Hokkaido ay maniyеbe. Gusto kong mabuhay sa magandang snow balang araw.



Pero, sa klase ng social study ay nalaman ko na mahirap mamuhay sa niyebe. Mukhang malamig, delikado ang pagmamaneho ng kotse sa kalsadang may niyebe, at kinakailangang alisin ang naipon na niyebe...

Ang ilang mga tao ay nakasanayan na mamuhay sa niyebe, ngunit tila mahirap para sa mga taong dating nakatira sa Okinawa na biglang tumira sa Hokkaido.



Nag-snow ng grabe noong nakaraang winter. Ang mga bata ay may sabog, ngunit ang mga matatanda na hindi sanay sa snow ay talagang nahirapan.

Maaari tayong maghanda para sa mga likas na sakuna na ating naranasan, ngunit mas malaki ang pinsala kung mangyari ang isang likas na sakuna na hindi pa natin naranasan. Mahalagang malaman hindi lamang ang tungkol sa sariling lugar, kundi pati na rin ang tungkol sa mga sakuna at talino sa iba't ibang lugar.



Kuwento tungkol sa Sakuna at paghahanda para sa sakuna



Alam mo ba ang salitang “Jisin, kaminari, kaji oyaji” (“lindol, kulog, sunog, at ama”)?

Ito ang nangungunang apat na “nakakatakot na bagay sa mundo” na ikinakwento sa Japan sa mahabang panahon. Gayunpaman, magbago ang nangungunang apat na “nakakatakot na bagay sa mundo” depende sa panahon, edad, rehiyon, at bansa. At ang salitang “Oyaji” ay nangangahulungang ama. Maaaring naisip na ang ama na Hapon noon nakaraan panahon ay lubhang nakakatakot o dapat ay kinatakutan. Ngayon mahirap isipin na nakakatakot ang ama sa parehong antas ng isang kalamidad.

Ano ang iyong nangungunang apat na “nakakatakot na bagay sa mundong ito”?

Ang “earthquakes” ay karaniwan nakakatakot sa Japan, at ang mga evacuation drill ay ginaganap sa mga nursery, school, komunidad, at pampublikong pasilidad, atbp upang maghanda para sa mga lindol. Nangangahulugan ito na ang sinuman ay kailangang maging handa para sa mga lindol sa anumang oras, kahit saan, anuman ang lokasyon.

Ang mga evacuation drill bilang paghahanda sa lindol na ito, sa katunayan, ang mga pamamaraan ng pagsasanay ay unti-unting nagbago mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan.

Noong unang panahon na gawa sa kahoy ang mga gusali ng school, may panganib na gumuho ito dahil sa lindol, kaya't kailangang lumikas sa labas ng gusali nito sa lalong madaling panahon.

Kaya naman, sa evacuation drill, mabilis na pumila ang mga bata sa corridor at mabilis na lumikas sa labas mula nang mai-broadcast ng training start sa school. Siyempre, huwag tumakbo ng mabilis. Pangkaligtasan muna. At naghintay ang teacher sa playground ng school gamit ang isang stopwatch at sinukat “kung ilang segundo ang tumagal para lumikas ang lahat”. Dahil isa sa kanilang mga layunin ay upang makatakas sila sa lalong madaling isang segundo.

Sa ngayon ay maraming mga gusali sa Japan ay lumalaban sa lindol at halos hindi na madaling gumuho. Matapos kumpirmahin ang kaligtasan sa loob at labas ng gusali ng school, kinakailangan tumukoy ng mas ligtas na lugar at agad na lumikas.

Ang mga evacuation drill na isinagawa sa elementary at junior high school sa Japan bilang paghahanda sa mga lindol at sunog ay parang isang angkop na paraan sa pambansang katangian ng Japan. Sa Japan, ang pag-uugali ng grupo ay maagang natutunan sa nursery school at kindergarten, kaya ito ay isang paraan ng pagsasanay na lubos na gumagamit ng karanasan ng pag-uugali ng grupo.

Kumusta naman sa ibang bansa? Hindi tulad ng Japan, sa isang bansa kung saan ang sistema ng teacher ng subject ay pinagtibay mula sa isang maagang yugto at ang mga bata ay lumipat sa mga classroom na pinangungunahan ng teacher na subject upang kumuha


ng mga aralin, ang mga teacher at classroom ay naiiba para sa bawat aralin. Ang ruta ng paglikas ay nag-iiba depende sa lokasyon ng classroom. Iba rin ang mga miyembrong sabay na lumilikas. Mahirap i-pattern ang paraan ng paglikas, at kakailanganing tumugon nang may kakayahang umangkop.

At sa nakalipas na ilang taon, dumami ang mga uri ng likas na kalamidad na kailangang paghandaan. Dahil sa mga suliraning pangkapaligiran tulad ng global warming, kailangan nating paghandaan ang iba't ibang sakuna tulad ng “guerrilla rainstorm”, “tornado” at “high temperature” sa Japan.

Sa kabilang banda, tila maraming bansa ay hindi nagsasagawa ng evacuation drills bilang paghahanda sa mga likas na kalamidad. Siyempre, may mga sakuna, ngunit kung titingnan natin kung paano tumutugon sila sa mga sakuna, tiyak na makikita natin ang mga pagkakaiba sa kamalayan sa mga sakuna at pag-iwas sa kalamidad.

(Mga halimbawa ng mga sakuna sa ibang bansa)







Masisira ang mata ko~!?

Takot!!



Kasi napakahalaga ang pagkain noon panahon.

Ang totoo, hindi masisira ang mata mo.



Sa kabilang banda, may kultura na "Magandang asal ang mag-iwan ng kounti sa pagkaing inihain".

Eh~ sinadya?



Ang ilan sa pilipinas ay mayroon ding ganoong kultura. Sa pamamagitan ng pag-iwan ng kaunti, ipahayag ang pasasalamat sa host na parang "salamat sa paghahanda ng napakaraming pagkain na hindi ko ubusin".

Busog na ako!

Para sa akin... Salamat po!

Mabuti! Mukhang nasiyahan na siya.




Heh~!



Mayroon pala ganitong kultura.

Sa Japan, sayang at bastos ang pag-iwan ng pagkain, pero ang bawat bansa ay may kanya-kanyang paraan ng pagpapahayag ng pasasalamat.



Pasasalamat? Parang may mabuti at masama sa "kumain".



Oras na ba para sa dessert?

Yeah~!!



Mukhang masarap ito. Kakainin ko!



Eh? matamis ang beans





"Zenzai" ito. Tradisyonal na dessert sa Japan. Madaras na gumawa ng lola ko.



Nagulat ako kasi hindi kumakain ng matamis na beans sa Brazil!

Pero masarap ito!



“Pagkain” na pag-aaralan sa school



- Tungkol sa paggawa ng pagkain : Produkto, lugar ng produksyon, dami ng produksyon
- Paggawa ng pagkain sa hinaharap at mga gawi sa pagkain



Tungkol sa paggawa ng pagkain: Produkto, lugar ng produksyon, dami ng produksyon

Sa mga school sa Japan, sinisiyasat ng mga estudyante kung saan at kung paano ginagawa at dinadala sa atin ang mga pagkaing kinakain natin. Matutuhan rin nila ang tungkol sa ratio at mga pagbabago sa halaga ng produksyon ng mga pangunahing pananim, mga produkto ng hayop, at mga produktong dagat, gayundin ang halaga ng produksyon at dami ng produksyon ng bawat lugar ng produksyon, at alamin ang tungkol sa mga katangian ng produksyon ng pagkain sa Japan.

Matutuhan din ng mga estudyante kung paano sinasamantala ng produksyon ng pagkain ang mga likas na kondisyon, gamit ang mga halimbawa ng pagsasaka ng palay at industriya ng pangisdaan, at matutunan ang tungkol sa mga pagsisikap, talino, at hamon ng mga taong sangkot sa agrikultura at industriya ng pangisdaan.



Ang mga sangkap at menu para sa school lunch ay depende sa area. Nakita ko ang mga picture sa social study.

Heh, iba-iba ang school lunch sa bawat area kahit sa Japan. Maaari kayong matuto tungkol sa pagkain mula sa mga school lunch.



Kahapon, kinain ko ang pagkaing Ruso sa school lunch. Borscht at pirozhki.

Noong bata pa ako, hindi ako nakakain ng ganyang magarbong school lunch. Masarap tikman ang mga banyagang lutuin sa school lunch.



Sa school, nagtanim ako ng palay sa isang balde at kinain ang kanin! Masarap yan!

Mahirap diba pag-atiman ? Mas lalo akong nagpapasalamat kapag naiisip ko ang hirap na ginawa nila sa paggawa ng pagkain.



Paggawa ng pagkain sa hinaharap at mga gawi sa pagkain

Matutuhan nila ang tungkol sa mga pagbabago sa ating kaugalian sa pagkain at ang mga epekto nito tulad ng pagtaas ng mga imported na produkto ng pagkain, ang mababang antas ng self-sufficiency ng pagkain sa Japan kumpara sa ibang mga bansa, at ang problema sa food waste (pagkaing natatapon).

At matutunan din nila kung ano ang gagawin upang matiyak ang kaligtasan at seguridad ng pagkain, isaalang-alang ang kapaligiran, at matiyak ang isang matatag na suplay ng pagkain. Magsaliksik at mag-isip tungkol sa mga pagsisikap na ginagawa para sa hinaharap na produksyon ng pagkain.



Noong bata ako, bihira akong kumain ng karne ng baka, at mas marami akong Kumain ng kanin kaysa sa tinapay at mas maraming isda kaysa karne.

Kadalasang mahal ang imported na mga bagay, ngunit sa Japan, ang imported na karne ay mas mura kaysa sa domestic na karne. Napakamahal din ng prutas ! Madalas akong kumakain ng prutas sa aking bansa.



Mababa ang food self-sufficiency rate ng Japan, kaya kung hindi tayo makapag-import ng pagkain, hindi tayo makakain ng gusto natin.

Kamakailan, madalas na marinig ang “Chisan chisyo” (lokal na produksyon para sa lokal na pagkonsumo), di ba? Sinusubukan kong bumili ng mga gulay sa seksyon ng lokal na ani ng supermarket. may mga pangalan at larawan ng mga producer, kaya maaari kong kainin ang mga ito nang may ligtas.



Nalaman ko na ang ibig sabihin ng “Chisan chisyo” ay pagkain ng lokal na lumaki na pagkain, kaya hindi kailangang magdala mula sa malayo, at mabuti para sa kapaligiran at sa lokal na agrikultura.

Nabalitaan ko na ang maraming pagkain ay natitira at natatapon sa Japan. May isang salitang Japanese na “Mottainai”, ngunit wala gayong salita sa aking bansa. “Mottainai” talaga ang food waste (pagkaing natatapon), di ba?



Ann, gumagamit ka agad ng “mottainai”! Nagsimula na rin akong gumamit ng “mottainai” pagkarating ko sa Japan.

kuwento Tungkol sa pagkain



Japanese school lunch

● Kasaysayan

Ang simula ng mga school lunch sa Japan ay nagsimula noong 1889. Sinasabing nagsimula ito sa isang pribadong elementary school sa Tohoku area, kung saan ang mga school lunch ay inihain nang walang bayad sa mga mahihirap na bata na walang makain. Mula noon, ang mga school lunch ay pinagtibay bilang isang paraan upang matulungan ang mga mahihirap na bata at mapabuti ang nutrisyon ng mga bata sa iba't ibang lugar. Kahit na minsan ay kinansela sa panahon ng digmaan, pagkatapos ng digmaan, noong 1947, humigit-kumulang 2.9 milyong mga bata sa mga urban area sa buong bansa ang nagsimulang tumanggap ng mga school lunch. Noong panahong iyon, inihain ang tinapay at skimmed milk powder para sa mga school lunch. Mula noong 1976, opisyal na inihain ang kanin.

Ang mga school lunch sa Japan ay ipinatupad bilang bahagi ng edukasyon. Sa kasalukuyan, ito ay tinatawag na “Shokuiku (edukasyon sa pagkain)” at isinasagawa ang patunubay tungkol sa “pagkain”.

At mayroong tungkulin sa school lunch, at ang mga bata ay humalili sa paghahanda ng kanilang sariling pagkain.



● Ano ang “syokuiku(edukasyon sa pagkain)”?


写真提供元:独立行政法人日本スポーツ振興センター

Sa school, tinuturuan ang mga bata na magkaroon ng tamang kaalaman tungkol sa pagkain, magkaroon ng kakayahang magdesisyon sa sarili, at magkaroon ng kanais-nais na kaugalian sa pagkain.

Bilang bahagi ng edukasyon sa pagkain, madalas na ginagamit ang paggamit ng mga lokal na produkto at mga lokal na sangkap sa mga school lunch. Sa paggawa nito, hinihikayat naming ang mga bata na magkaroon ng interes sa mga local, pambansang industriya at kultura, at bumuo ng isang pakiramdam ng pasasalamat sa mga producer.

● Mga pagkakaiba sa area ①:Menu

Bilang bahagi ng edukasyon sa pagkain, ginagamit ang mga lokal na produkto sa mga school lunch, at inihahain ang lokal na lutuin. Nag-iiba ang menu depende sa area. Kamakailan, ang mga internasyonal na school lunch ay inihahain na nagsasama ng mga pagkaing mula sa ibang bansa na mga kapatid na lungsod at ang mga bansang pinagmulan ng mga dayuhang residente na naninirahan sa lugar. Ang larawan sa kanan ay isang school lunch sa Amagasaki City, Hyogo Prefecture. Inihahain ang mga jam na gawa sa mga lokal na peach at isang Brazilian dish na tinatawag na Coxinha.



写真提供元:兵庫県尼崎市教育委員会

● Mga pagkakaiba sa area ②:Rate ng pagpapatupad ng school lunch

Ayon sa “2018 School Lunch Implementation Status Survey”, ang mga school lunch sa Japan ay ibinibigay sa 99.1% ng elementary at 89.9% ng junior high school. Ang mga school lunch ay ibinibigay sa karamihan ng mga elementary, ngunit ang sitwasyon sa mga junior high school ay nag-iiba depende sa area. Halimbawa, ang Aomori, Chiba, at Fukui ay may 100% na pagpapatupad. ang Kanagawa ay may 63.7%, Shiga ay may 70.4%, at ang Kyoto ay may 76.1% na rate ng pagpapatupad.

Mga school lunch sa buong mundo

Iba-iba ang “mga school lunch” sa bawat bansa. Ang ilang mga lugar ay may mga school lunch at ang ilan ay wala.

Halimbawa, sa France, ang mga menu ng school lunch ay binubuo ng mga appetizer, pangunahing pagkain, side dish, dessert, at tinapay, tulad ng course meal. Kinakain nila ang mga ito sa parehong pagkakasunod-sunod ng course meal kahit ang lahat ay nasa isang tray.

Ang mga school lunch sa Estados Unidos ay opsyonal, at maaari sila kumain ng school lunch o magdala ng sariling tanghalian. Ang menu ng school lunch ay may kasamang pangunahing ulam, gulay, prutas, at gatas, at maaari rin sila kumain ng isa sa mga pangunahing pagkain, gaya ng nuggets, pizza, o hamburger. Sa ilang school ay puwedeng pumili ng uri ng gatas.

Isa pa, sa French at American schools, madalas silang pumupunta sa cafeteria para kumain sa halip na kumain sa classroom tulad ng Japan.

Dagdag pa rito, bagama't nakadepende ito sa school sa Brazil, maraming mga school ay walang school lunch dahil mayroon silang two-shift system, umaga at hapon. Gayunpaman, ang mga meryenda ay ibinebenta sa tindahan sa loob ng school, maaari nilang kainin ang mga ito bago ang klase at sa panahon ng break.

Pangunahing pagkain sa mundo

Ang pangunahing pagkain ay ang pagkain na bumubuo sa core ng iyong pang-araw-araw na pagkain. Ito ay nag-iiba-iba sa bawat bansa, at may kasamang kanin, tinapay, at noodles. Ang bigas ang pangunahing pagkain sa Japan, ngunit kumusuta sa ibang bansa... ?

Bigas



Ito ay malawakang kinakain bilang pangunahing pagkain sa Asia, kabilang ang Japan, ngunit ito ay kinakain din sa Timog Amerika tulad ng Brazil at sa Madagascar.



Sa Vietnam, madalas na kumakain ng rice noodles.



Ang Madagascar ay kumakain ng mas maraming bigas kaysa sa Japan.

Harina



Ang tinapay, pasta, naan, atbp. ay kinakain bilang mga pangunahing pagkain sa Europe, America, Oceania, North Africa, at Asia.



Sa China ay kumakain ng “mantou” na gawa sa harina.



Mais



Ang mais ay ang pangunahing pagkain sa North at Central America at silangan at timog Africa. Tulad ng Mexican tortillas, ginagawa itong pulbos, minasa ng tubig at inihurnong, o kinakain na parang Lugaw.



Ang Romania ay kumakain ng tinapay, ngunit mayroon din silang “polenta”.

Patatas



Ito ay kinakain bilang pangunahing pagkain sa Europa tulad ng Finland at Netherlands, at Timog Amerika tulad ng Peru.



Sa England ay madalas na kumakain ng “Fish and Chips”.



Iba pa

Sa kanluran at gitnang Africa at South America, may mga area kung saan ang mga patatas tulad ng kamoteng kahoy at yams, pati na rin ang mga saging ay mga pangunahing pagkain. Sa ilang lugar, soybeans at kamote ang pangunahing pagkain.



Ang tapioca ay gawa sa patatas na tinatawag na cassava!



Kahit na sa loob ng parehong bansa, ang iba't ibang mga area ay maaaring may iba't ibang mga pangunahing pagkain.



Sa pahina 21

Sagot

Ito ay **isang Basurahan**. kayang pigilan ang mga aso at pusang gala sa pagsira ng basura dahil ang basket ay nasa itaas. Ang mga basura ay madalas na kinokolekta sa gabi. Ang bag sa ibaba ay nakalagay ng mga karton ng gatas at mga walang laman na lata. Mukhang umuunlad din ang pag-recycle sa Brazil.



Reperensiya at URL


- 『小学校 学習指導要領(平成29年告示)』文部科学省
- 『新編 新しい社会 3・4年上』(2015) 東京書籍
- 『新編 新しい社会 3・4年下』(2015) 東京書籍
- 『新しい社会 3』(2020) 東京書籍
- 『新しい社会 4』(2021) 東京書籍
- 『新しい社会 5上』(2020) 東京書籍
- 『新しい社会 5下』(2020) 東京書籍
- 『ちりゅう』(2020) 知立市社会科副読本編集委員会編 知立教育委員会発行
- 総務省 多文化共生の推進に関する研究会 報告書
https://www.soumu.go.jp/main_content/000706219.pdf
- 全国学校給食会連合会
<https://www.zenkyuren.jp/lunch/>
- 文部科学省
https://www.mext.go.jp/a_menu/sports/syokuiku/1299359.htm?fbclid=IwAR1_dTmOYX0ydc0_75Vb8-6fuS1g1fBnVkBUIsvphvBefJVa7gOJbc6Hkto
- 「平成30年度 学校給食実施状況調査」都道府県別学校給食実施状況(公立中学校数)
平成30年5月1日現在(文部科学省初等中等教育局健康教育・食育課)
https://www.mext.go.jp/b_menu/toukei/chousa05/kyuushoku/kekka/k_detail/1413836.htm
- 農林水産省
<https://www.maff.go.jp/j/pr/aff/2006/food02.html>
- NHK for School
https://www2.nhk.or.jp/school/movie/outline.cgi?das_id=D0005120452_00000
- 一般社団法人「ミルク」
<https://www.j-milk.jp/knowledge/column/hn0mvm0000008msc.html>
- ジャパンリロケーション株式会社
<https://www.japanrelocation.net/blog/1456/>
- 東京都教育委員会「世界の「主食」分布MAP」
<https://www.o.p.edu.metro.tokyo.jp/children-student/watch-learn/infographics-staplefood>
- 株式会社明治
<https://www.meiji.co.jp/meiji-shokuiku/worldculture/china/>
- ナショナル ジオグラフィック
<https://natgeo.nikkeibp.co.jp/atcl/web/15/352321/081900012/?P=4>



Sa aking pagresearch, hindi ko nakita ang salitang "multicultural" sa mga pag-uusap ng mga taga-earth.

Hindi ko masyadong naintindihan kung ano ang kahulugan ng "multicultural"...

Teka... amazing talaga, sila parehong taga-earth pero magkaiba ang kanilang isip at pamantayan. Sige, try ko ulit sa susunod.



END

いまさらだけど多文化共生ってなに？【タガログ語版】 Mag-isip tayo muli kung ano ba talaga ang multicultural?

監修	川口 直巳 西山 幸子
執筆 / 編集	川口 直巳 西山 幸子 丸井 合 池谷 日都美
タガログ語翻訳	森 そのみ 門畑 友季
漫画・イラスト	アンドウ カヲリ
発行所	愛知教育大学 外国人児童生徒支援リソースルーム
問い合わせ	愛知教育大学 外国人児童生徒支援リソースルーム 〒448-8542 愛知県刈谷市井ヶ谷町広沢1 TEL: 0566-26-2219 FAX: 0566-26-2566 e-mail: gendaigp@aecc.aichi-edu.ac.jp

本冊子は、文部科学省の教育政策推進事業委託費による委託業務として、愛知教育大学が実施した令和4年度「多文化共生に向けた日本語指導の充実に関する調査研究」の成果物です。
したがって、本報告書の複製、転載、引用等には文部科学省の承認手続きが必要です。

